CALAMBA CITY, Laguna — The City Government of Calamba reaffirmed its commitment to public safety and peace and order by holding a meaningful dialogue with members of the Philippine National Police (PNP), Bu-



reau of Jail Management and Penology (BJMP), and Bureau of Fire Protection (BFP), while recognizing outstanding officers for their exemplary service.

The gathering served as an avenue for open discussions on strengthening collaboration among law enforcement agencies and the local government in maintaining a safe, peaceful, and orderly community.

It also highlighted the city's appreciation for the dedication, courage, and professionalism of its uniformed personnel.

As part of the program, exceptional PNP, BJMP, and BFP officers were honored and received incentives in recognition of their unwavering commitment to protecting the people of Calamba and upholding public service with integrity.

Mayor Ross Rizal underscored the importance of continued cooperation among all stakeholders in ensuring the city's peace and security.

"Isang makabuluhang malayang talakayan ang ating isinagawa kasama ang ating mga kapulisan at iba pang katuwang sa pagpapanatili ng kapayapaan at seguridad sa Lungsod ng Calamba."

"Kasabay nito, ating kinilala ang mga natatanging PNP, BJMP at BFP Officers at nagbigay tayo ng insentibo bilang munting pagkilala sa kanilang dedikasyon, tapang at tapat na paglilingkod."

"Patuloy tayong magtutulungan para sa isang ligtas, mapayapa at maayos na Calamba para sa bawat Calambeño."

The initiative reflects the Calamba City Government's continued

support for its frontline public safety officers, recognizing that strong partnerships between local authorities and law enforcement agencies are essential in fostering a secure environment where every Calambeño can live, work, and thrive.

(Edjun Mariposque)

## Carmona...

doon sa community-based programs na fully integrated. Most of the Learning and Resource Centers sa buong Pilipinas normally ang point of view is always as an education facility."

Gatchalian added, "[But] Carmona took it a bit further and looked at it as part of the community-complete package of services na kasama ang livelihood, involvement ng mga magulang, [at] kasama pagtatala ng People with Disabilities sa community, and I think this is the only type of it [integrated shelter facility] right now."

Currently, the Kalingyakap program caters to 368 PWD learners, including college students, in partnership with the Cavite State University (CvSU). The Shelter is also caring for neglected and abandoned PWDs, and can accommodate up to 20 male and female residents.

*be still  
and know*  
PSALM 46:10

## Makasaysayang espada ni Col. Pablo Astilla, natagpuan matapos ang mahigit isang siglo



Muling nasilayan sa bayan ng Infanta ang mga makasaysayang espada na sinasabing pag-aari ni Col. Pablo Astilla, lider ng mga Katipunero sa Distrito de la Infanta at kinilalang una at huling gobernador ng dating Probinsya ng Infanta noong panahon ng Revolutionary Government at Unang Republika ng Pilipinas. Natagpuan ang mga espada matapos ang mahigit isang siglo at muling nabigyang-pansin ang kasaysayan ni Astilla at ng mga Katipunero na naging bahagi ng pakikibaka para sa kalayaan sa Infanta.

Ayon kay Infanta Mayor L.A. Ruanto, naging makabuluhan para sa kanya ang pagkakataong personal na mahawakan at makita ang mga espada na itinuturing na bahagi ng kasaysayan ng bayan.

Ang pagkakatatagpo sa mga ito ay kasunod ng panawagan ni Ruanto noong Hulyo 20, 2026 na hanapin ang mga makasaysayang sandata ni Astilla, kasabay ng muling paggunita ng bayan sa Kalayaan ng Infanta matapos ang mahigit



80 taon.

Nagpasalamat naman ang alkalde sa pamilya Miras, kabilang ang mga apo sa tuhod ni Astilla, sa pangangalaga sa mga makasaysayang kagamitan at sa pagbabahagi ng mga ito.

Bukod sa pamilya Astilla, binanggit din ni Ruanto ang mga pamilyang Huertazuela, Mercado, Nakar, Peñaverde, Mortiz, Peñamante at Villaflor na may kaugnayan sa kasaysayan at mga naging bahagi ng pag-unlad ng Infanta.

kasaysayan ng Infanta, kabilang ang mga Katipunerong sina Rafael Ruatquio at Rufino Ortiz.

Hinikayat ni Ruanto ang mga residente na nag-iingat ng mga lumang kagamitan, dokumento o impormasyon tungkol sa kasaysayan ng Infanta na makipag-ugnayan sa Infanta Culture, Heritage, Arts and Tourism Section upang makatulong sa pangangalaga at dokumentasyon ng kasaysayan ng bayan.

(Aida C. Dapula)



## Pointer

Pau Dela Cruz

## Serbisyong Ramdam: Kalusugan at Kabuhayan, Patuloy na Isinusulong sa Laguna

Sa isang lalawigan na ang tunay na yaman ay hindi lamang nasusukat sa mga imprastraktura kundi sa kalagayan ng mga mamamayan, mahalagang makita kung paano naipararating ang serbisyo ng pamahalaan hanggang sa mga komunidad.

Sa Laguna, kapansin-pansin ang patuloy na pagtutok ng Pamahalaang Panlalawigan sa dalawang mahalagang pangangailangan ng mga mamamayan—kalusugan at kabuhayan.

BHWs, kinilala ang mahalagang serbisyo Libu-libong Barangay Health Workers (BHWs) mula sa iba't ibang bayan at lungsod ng Laguna ang tumanggap ng kanilang honorarium para sa unang semestre sa isinagawang Barangay Health Worker Payout noong Agosto 6 sa Laguna Sports Complex.

Pinangunahan ito ng Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ni Governor Sol Aragonese, katuwang ang Provincial Health Office (PHO), Provincial Treasury Office (PTO), at Provincial Nutrition Action Office (PNAO), sa pamumuno ni Jervis Malleta.

Hindi lamang simpleng honorarium ang maituturing na natanggap ng mga BHW. Para sa mga taong araw-araw na nasa barangay at nagsisilbing katuwang ng health professionals sa paghahatid ng pangunahing serbisyong pangkalusugan, ang tulong na ito ay pagkilala rin sa kanilang mahalagang papel.

Sila ang madalas unang nilalapitan ng mga residente kapag may nangangailangan ng impormasyon, health assistance o agarang gabay tungkol sa kalusugan.

Libreng operasyon sa katarata, malaking ginhaw

Samantala, panibagong magandang balita para sa mga Lagunense ang ilulunsad na Libreng Cataract Operation Program ng Pamahalaang Panlalawigan sa Agosto 27, 2026.

Ayon kay Governor Sol Aragonese, sasailalim sa libreng operasyon ang unang batch ng mga kwalipikadong benepisaryo.

Malaking bagay ito para sa mga pasyenteng nangangailangan ng operasyon ngunit nahaharap sa mata-as na gastusin. Karaniwang umaabot umano sa ₱10,000 hanggang ₱80,000 bawat mata ang halaga ng operasyon, depende sa procedure at iba pang kaugnay na gastusin.

Sa pamamagitan ng programa, nabibigyan ng pagkakataon ang mga kwalipikadong benepisaryo na maiibalik o mapabuti ang kanilang paningin nang hindi kinakailangang pansin ang malaking halaga ng operasyon.

At kung tutuusin, ang malinaw na paningin ay

hindi lamang usapin ng kalusugan.

Para sa isang magulang, lolo o lola, o manggagawang umaasa sa sariling kakayahang, ang pagkakaroon muli ng maayos na paningin ay maaaring mangahulugan ng pagbabalik ng tiwala sa sarili at kakayahang mamuhay nang mas malaya.

Kabuhayan, hindi lamang ayuda

Hindi rin nakalimutan ang usapin ng kabuhayan.

Noong Agosto 7, nakatanggap ng pinansyal na tulong ang mga kwalipikadong benepisaryo ng Akay Hanapbuhay sa Laguna Provincial Extension Office sa Calamba City.

Ang tulong ay bahagi ng programang naglalayong mabigyan ng pagkakakitaan ang mga Lagunense sa pamamagitan ng Programang Paggawa ng Longganisa.

Mahalaga ang ganitong uri ng programa dahil higit pa sa pansamantalang ayuda ang layunin nito—ang mabigyan ang mga benepisaryo ng pagkakataong magkaroon ng sariling pagkakakitaan.

Sa panahon ngayon, malaking bagay ang isang programang hindi lamang nagbibigay ng tulong kundi nagtuturo rin ng paraan upang ang isang pamilya ay magkaroon ng sariling pinagkakakitaan.

Serbisyo na dapat maramdaman

Tatlong magkakaibang programa, ngunit iisa ang mensahe: ang serbisyo publiko ay higit na mahalaga kapag nararamdaman at napapakinabangan mismo ng mga mamamayan.

Honorarium para sa mga BHW na katuwang ng pamahalaan sa barangay. Libreng operasyon para sa mga nangangailangan ng lunas sa kanilang paningin. At tulong pangkabuhayan para sa mga nais magkaroon ng sariling pagkakakitaan.

Ito ang mga programang maaaring maliit tingnan sa kabuuan ng isang lalawigan, ngunit malaki ang maaaring maging epekto sa buhay ng bawat benepisaryong direktang nakatatanggap nito.

Sa huli, ang sukatan ng mabuting pamamahala ay hindi lamang kung ilang proyekto ang nailunsad o kung gaano karaming programa ang naipatupad.

Mas mahalagang itanong: Ilang buhay ang gumaan? Ilang pamilya ang natulungan? At ilang mamamayan ang nabigyan ng bagong pag-asa?

Sa Laguna, tila malinaw ang direksiyong tinatahak—kalusugan para sa mamamayan, pagkilala sa mga frontliner sa barangay, at oportunidad para sa kabuhayan.

At kung ang serbisyo ay patuloy na naihatid sa mismong komunidad, doon tunay na nagiging makabuluhan ang pamamahala.

## EXPLICIT

DALAWANG MOST WANTED PERSONS, TIMBOG SA MAGKAHIWALAY NA MANHUNT NG RIZAL

Dalawang Most Wanted Persons ang nasakote sa magkahiwalay na operasyon ng mga operatiba ng Binangonan Municipal Police Station (MPS) at Taytay MPS noong Hulyo 27, 2026, bilang bahagi ng pinaigting na kampanya ng Rizal Police Provincial Office (Rizal PPO) laban sa mga nagtatagong akusado. Bandang 2:50 ng hapon nang maaresto sa Brgy. Batingan, Binangonan si alyas "Jhong," na nakatala bilang Provincial Level Most Wanted Person. Inaresto siya sa bisa ng warrant

of arrest kaugnay ng kasong Acts of Lasciviousness, na may inirekomendang piyansa na ₱200,000.

Sa hiwalay namang operasyon, bandang 5:10 ng hapon, nadakip sa Brgy. Sta. Ana, Taytay si alyas "Francis," isang Regional Level Most Wanted Person. Nahaharap siya sa kasong Estafa at inaresto sa bisa ng warrant of arrest na inilabas ng Regional Trial Court, Branch 114, Bacoor, Cavite. Ayon sa pulisya, maayos na ipinaalam sa dalawang akusado ang kanilang mga karpapatan matapos ang pag-aresto. Kasalukuyan silang nasa

## Madelaine Go



igtingin ang aming kampanya upang mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan ng bawat mamamayan sa lalawigan ng Rizal," ani Barber. Samantala, muling nanawagan ang Rizal PPO sa publiko na maki-pagtulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon na makatutulong sa pagdakip sa iba pang mga wanted na indibidwal, bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap na mapanatili ang isang ligtas at mapayapang komunidad.

## PUBLISHER CORNER

Sino nga ba si Nancy Dimaranan? Bakit siya tinawag na "Pandemic Hero"?



Noong January 12, 2020, nang pumutok ang Bulkang Taal, isa si Nancy Dimaranan sa mga unang tumugon upang maghatid ng pagkain, tubig, gamot, at iba pang pangunahing pangangailangan sa mga pamilyang naapektuhan ng kalamidad.

Hindi pa man natatapos ang pagsubok, dumating naman ang COVID-19 Global Pandemic. Sa panahong maraming nawalan ng pag-asa, libu-libong pamilya mula sa Calamba, Laguna, at iba pang bahagi ng Luzon, Visayas, at Mindanao ang kanyang natulungan sa pamamagitan ng tulo-tulo na relief operations, food assistance, at iba't ibang outreach programs.

Dahil sa kanyang malasakit, dedikasyon, at walang sawang paglilingkod sa kapwa, marami ang kumilala sa kanya bilang "Pandemic Hero."

Ngunit hindi doon nagtapos ang kanyang misyon.

Upang mas marami pang mabigyan ng panibagong pag-asa, itinatag niya ang Panhero Ang Tamang Landas Rehabilitation Center, na ngayon ay 5 taon na namamayagpag at madami ng buhay ang nailigtas at natulungan, isang pasilidad na naglalayong tulungan ang mga taong nais makabangon at magsimulang muli.

**Nagbibigay ang Panhero ng mga programang para sa:**

- Drug Addiction Recovery
- Alcohol Dependency
- Smoking Cessation
- Gambling Addiction
- Gadget Addiction
- Behavioral Problems
- Behavioral Issues at iba pang kaugnay

na pangangailangan sa rehabilitasyon.

Bagama't pribadong pasilidad ito, sinisikap na panatilihin abot-kaya ang halaga ng serbisyo upang mas maraming pamilya, lalo na ang mga nangangailangan, ang magkaroon ng pagkakataong makapagsimula muli.

Panhero – Ang Tamang Landas Rehabilitation Center

Sta. Rosa–Tagaytay Road, Brgy. Lumil, Silang, Cavite

0917-539-8883 /0468898489

Mula sa pagtulong sa mga biktima ng kalamidad at pandemya hanggang sa pagbibigay ng pangalawang pagkakataon sa mga taong nais magbago, nananatiling buhay ang iisang misyon ni Nancy Dimaranan ang maglingkod, magmalasakit, at magbigay ng pag-asa.

Kung may mahal sa buhay kang nangangailangan ng gabay at pangalawang pagkakataon, huwag mawalan ng pag-asa. May mga taong handang umalalay at maniwalang kaya pa nilang magbago.

PEACE



Ang ating mga Committee Hearings ay isinasagawa bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagbuo ng mga polisiya, ordinansa, at programang naglalayong tugunan ang mga pangangailangan ng ating mga mamamayan at isulong ang patuloy na pag-unlad ng Lungsod ng Calamba.


Bilang Chairman ng Committee on Trade, Commerce and Industry, patuloy nating tinututukan ang mga inisyatibong magpapalago sa ating Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs). Isinusu-long natin ang mga programa at polisiyang magpapal-awak ng oportunidad sa pagnenegosyo, magpapalakas sa lokal na ekonomiya, at lilikha ng mas maraming hanapbuhay para sa mga Calambeño.

Naniniwala tayo na ang isang matatag na sektor ng negosyo ay pundasyon ng isang mas maunlad na lungsod. Sa pamamagitan ng aktibong pagtalakay at maayos na pagpapalano sa bawat committee hearing, patuloy nating inilalatag ang mga hakbang tungo sa inklusibo at pangmatagalang kaunlaran para sa bawat Calambeño.

(Nelson Dimapilis)



## CALAMBA POLICE CHIEF, TEAM RECEIVE PNP MEDALYA NG KAGALINGAN FOR MAJOR DRUG BUST



CALAMBA CITY, Laguna — Calamba City Chief of Police PLTCOL Dennis C. De Guzman and eight members of the Calamba Component City Police Station (CCPS) have been awarded the Medalya ng Kagalingan (PNP Medal of Merit) held at Camp BGen. Paciano Rizal, LPPO, Sta. Cruz, Laguna in recognition of their outstanding performance during a successful anti-illegal drugs operation that led to the seizure of illegal drugs and a high-powered firearm.

The recognition

was granted pursuant to National Police Commission (NAPOLCOM) Memorandum Circular No. 2025-007 and the guidelines of PNP Memorandum Circular No. 2022-043, in line with the provisions of Republic Act No. 6975 governing the authorized awards and decorations for Philippine National Police personnel.

Aside from PLT-

COL De Guzman, the awardees include PMAJ Anastacio Mangabat Motas Jr., PMSG Christopher John Lu Chupeco, PSSg Arnel Manaig Sanque,

Authorities re-

covered approximately 80

grams of suspected shabu

with an estimated standard drug price of ₱544,000, along with a 9mm Uzi sub-machine gun, one magazine, and six rounds of live ammunition.

According to the citation, the successful operation demonstrated the awardees' professionalism, dedication, and unwavering commitment to their sworn duties, bringing honor not only to themselves but also to the Philippine National Police.

The Medal of Merit was awarded by command of Police Brigadier General Dominic L. Bacca, recognizing the team's commendable performance during a buy-bust operation conducted on August 1, 2026, in Barangay Looc, Calamba City, which resulted in the arrest of Baltazar Al-

yas Val.

Authorities re-

covered approximately 80

grams of suspected shabu

(Edjun Mariposque)



## SM Little Stars 2026 Celebrates 17 Years of Nurturing Next-Gen Stars at Grand Finals

MANILA, Philippines, 3rd August 2026 — For 17 years, SM Supermalls has been where young dreamers discover the first spark that ignites their journey to becoming the stars they aspire to be. This August 8, the country's brightest young talents will once again take center stage at the SM Little Stars 2026 Grand Finals at the SM Mall of Asia Music Hall, where the country's brightest young dreamers take their biggest step toward the spotlight.

This year's SM Little Stars continues to inspire thousands of children to showcase their talents in singing, dancing, and more.

After six weeks of auditions across 68 of your most-loved SM Supermalls nationwide, more than 40,000 children aged 4 to 7 wowed audiences with their talent, confidence, and charm. Only 30 exceptional young dreamers earned a coveted spot in this year's Grand Finals.

More than a talent competition, SM Little Stars gives children a stage to discover their confidence, express themselves, and celebrate their unique talents. For families, every performance becomes a proud milestone as they witness their little stars take their first steps toward bigger dreams.

Out of the 30 grand finalists, only two will earn this year's highest honors—the Grand Shining Star, recognizing the young performer whose extraordinary talent leaves audiences in awe, and the Grand Dazzling Star, celebrating the child whose charm and confidence captivate everyone.

"Every child deserves a chance to shine, and SM Little Stars has given thousands of young dreamers that opportunity.

Watching children grow in confidence, supported by their families and cheered on by their communities, is what makes this program truly special. We look forward to welcoming everyone as we celebrate this year's Grand Finals," said Hanna Carinna T. Sy, SM Supermalls Senior Assistant Vice President for Marketing and Leasing.

This year's Grand Finals will be judged by an esteemed panel composed of Karylle Yuzon, versatile actress, singer, and host; acclaimed filmmaker Antoinette Jadaone; OPM hitmaker and ABS-CBN Music Assistant Vice President Jonathan Manalo; Angel Datanaan, choreographer behind the viral "Gala To The Max" campaign; and Marcus Cabais, SM Little Stars 2016 Boy Grand Winner. The event will be hosted by GMA heartthrob Michael Sager and SM Little Stars 2017 Girl Grand Winner Gaea Mischa.

The finalists will vie for over ₱16 million in prizes, including National University college scholarships, a brand-new car, a trip to Hong Kong, recording and management contracts, ₱200,000 in cash, SM Gift Certificates, and many more exciting rewards.

Join us on August 8 at 3:00 PM at the SM Mall of Asia Music Hall and cheer on the country's brightest young dreamers as they take the biggest stage of their young lives. Admission is free.



## Bagong Commander ng 2ID, Inilatatag ang "SECURE" Leadership Focus



**MGEN ARSENIO DELA CRUZ SADURAL PA BAGONG COMMANDING GENERAL NG 2ID JUNGLE FIGHTER DIVISION, CAMP GEN MATEO CAPINPIN, BRGY SAMPALOC, TANAY, RIZAL**

TANAY, Rizal — Inilatatag ni Major Gen. Arsenio DC Sadural PA, bagong Commander ng 2nd Infantry Division (2ID) ng Philippine Army, ang kanyang strategic leadership direction na nakatuon sa pagpapatatag ng kapayapaan, seguridad at kahandaan ng mga tropa sa gitna ng patuloy na pagbabago ng security landscape ng bansa.

Ang kanyang pag-upo sa pamunuan ng 2ID ay kasabay ng mahalagang transisyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) mula sa pangunahing pagtutok sa internal security operations tungo sa mas malawak na paghahanda at pagtugon sa external security challenges.

Sa kanyang talumpati sa Change of Command Ceremony, sinabi ni Sadural na bago siya muling itataga sa field command, matagumpay niyang natapos ang mga pangunahing misyon sa kanyang naunang assignment, kabilang ang pagtugon sa mga natukoy na banta sa kanyang nasa-sakupan.

Aniya, naging bahagi ang mga naturang pagsisikap sa pagkakamit ng mas matatag na

kapayapaan at seguridad sa lugar na kanyang pinamunuan.

Matapos ang limang buwan, itinalaga siya sa General Headquarters bilang Deputy Chief of Staff for Education and Training (J8), kung saan nagsilbi siya nang anim na buwan bago muling humarap sa field command bilang bagong pinuno ng 2ID.

Para kay Sadural, ang kanyang paghirang sa 2ID ay hindi lamang isang bagong assignment kundi isang malaking pananagutan at pagkakataong ipagpatuloy ang kultura ng serbisyo, disiplina at kahusayan na matagal nang kinikilala sa hanay ng mga "Gallant Fighters."

Binigyang-diin niya na ang mga prinsipyong ito ay hindi lamang mga salitang ginagamit sa militar kundi isang paraan ng pamumuhay—ang tinatawag niyang "Gallant Fighters' Way of Life."

Naniniwala rin ang opisyal na ang kanyang paglipat sa bagong tungkulin bago pa man ganap na maisakatuparan ang lahat ng kanyang mga layunin sa mga naunang assignment ay bahagi ng mas malak-

## Panukala ni Cong. Mike Tan para sa skills training ng mga PDL, tinalakay sa komite



Tinalakay ng House Committee on Higher and Technical Education ang House Bill No. 3096 na inihain ni Quezon 4th District Representative Cong. Atorni Mike Tan na naglalayong magtatag ng institutionalized skills training program para sa Persons Deprived of Liberty (PDLs).

Sa ilalim ng panukala, bibigyan ng technical-vocational training ang mga PDL upang magkaroon sila ng sapat na kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho o pagtatayo ng sariling kabuhayan sa oras na sila ay makalaya.

Sa kanyang sponsorship speech, igininito na ang pagkakakulong ay hindi dapat maging katapusan ng pag-asa kundi simula ng tunay na rehabilitasyon.

Ayon kay Cong. Tan, mahalagang mabigyan ng pagkakataon ang

ing plano ng Diyos.

"Indeed, Almighty God is our Great Planner who unfolds His plans in His rightful time. To God be all the glory," ani Sadural.

Sa kanyang bagong tungkulin, inilatatag ni Sadural ang "SECURE" bilang kanyang strategic leadership focus, na na-kaayon sa direksyon ng Higher Headquarters at naglalayong palakasin ang seguridad, kahandaan at katatagan ng mga lugar na sakop ng 2ID.

Ayon sa opisyal, mahalaga ang pagkakaroon ng malinaw na direksyon sa pamumuno lalo na sa panahong patuloy na nagbabago ang mga hamon sa pambansang seguridad.

Sinabi rin niya

mga PDL na makapagghanda para sa kanilang pagbabalik sa komunidad sa pamamagitan ng edukasyon at pagsasanay. Aniya, makatutulong ito upang magkaroon sila ng mas maayos na kinabukasan at maiwasan ang muling masangkot sa krimen.

Nakapaloob din sa panukala ang pagtatayo ng Job Assistance Office sa bawat penal institution upang tumulong sa paghahanap ng trabaho ng mga dating PDL. May probisyon din ito para sa pagbibigay ng insentibo sa mga employer na tatanggap sa kanila bilang manggagawa.

Sa oras na maisabatas, inaasahang magbibigay ang panukala ng mas maraming pagkakataon sa mga dating PDL na makapagbagong-buhay at maging produktibong miyembro ng lipunan.

(Aida C. Dupula)

na isang malaking karanalan at hamon ang pamunuan ay 2ID, isang mahalagang yunit ng AFP na may malaking papel sa pagpapanatili ng kapayapaan at seguridad sa Eastern at Southern Luzon.

"Hindi lahat ay nabibigyan ng pagkakataong mamuno sa ganitong mahalagang yunit ng ating Sandatahang Lakas," ani Sadural, habang binibigyang-diin ang kanyang pagpapahalaga sa tiwalang ipinagkaloob sa kanya. Bilang personal na gabay sa kanyang panunungkulan, ibinahagi ng bagong commander ang kanyang paboritong kasabihan:

"I shall pass this way but once. Any good that I can do, let me do it now, for I shall not pass

## GOV. HELEN TAN NAKIPAGPULONG SA HIRAYA WATER UKOL SA PAGPAPABUTI NG SUPLAY NG TUBIG SA QUEZON



Nakipagpulong si Quezon Governor Angelina "Doktora Helen" Tan sa pamunuan ng Hiraya Water, sa pangunguna ni Mr. Lucio Co, noong Agosto 4 upang talakayin ang mga plano ng kumpanya para sa pagpapahusay ng serbisyo ng suplay ng tubig sa Lucena City, Tayabas City, at mga bayan ng Pagbilao, Mauban, at Atimonan.

Sa ginawang pulong, hiniling ng gobernador sa Hiraya Water na agad makipag-ugnayan sa Quezon Metropolitan Water District (QMWD) at sa mga mayors ng mga apektadong lugar upang maipresenta ang kanilang plano para sa pagpapabuti ng serbisyo ng tubig.

Ayon kay Gov. Tan, mahalagang magkaroon ng malinaw na direksiyon at koordinasyon upang matugunan ang mga suliranin sa suplay ng

this way again."

Sa ilalim ng kanyang pamumuno, inaasahang pagtutunanan ng 2ID ang pagpapanatili ng operational readiness, pagpapalakas ng organisasyon at patuloy na kikipagtulungan sa mga local government units, law enforcement agencies at iba pang stakeholders upang matiyak ang isang ligtas, mapayapa at

tubig at maisakatuparan ang layuning makapagbigay ng sapat, maayos, at tuluy-tuloy na 24-oras na serbisyo sa mga residente.

Ibinahagi rin ng gobernador na nagpahayag ang Hiraya Water ng kanilang pagtitiyak na tutugunan ang mga umiiral na isyu ng kawalan ng maayos na daloy ng tubig at paigtingin ang kalidad ng kanilang serbisyo.

Dagdag pa niya, siya mismo ang personal na magmomonitor sa implementasyon ng proyekto.

Nagpasalamat din si Gov. Tan kay Mr. Lucio Co at sa iba pang opisyal ng Hiraya Water sa kanilang pakikipagdayalogo at pakikiisa sa layuning mapabuti ang serbisyo ng tubig at matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan ng Quezon.

(Aida C. Dupula)

matatag na komunidad. Sa kanyang mensahe, ipinakita ni Sadural na ang pamumuno sa 2ID ay hindi lamang tungkol sa command responsibility kundi sa pagpapatuloy ng isang kultura ng serbisyo, integridad, disiplina at kahusayan—mga pagpapahalagang inaasahan niyang magiging pundasyon ng bawat "Gallant Fighter."

(Pau Mojar)